Senior High School

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Gawaing Pampagkatuto sa Mabisang Komunikasyon

Kuwarter

1

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

Gawaing Pampagkatuto sa Mabisang Komunikasyon
Kuwarter: 1 : Bilang ng Araw: 2

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng *Strengthened Senior High School Curriculum*. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyales ang karapatang-aring iyon.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Banghay-Aralin**

**Manunulat:** Gloria C. Sabanal
Rehiyon XI-Sangay ng Davao Oriental
Jennifer V. Marangi
R4A- Sangay ng Rizal

**Tagasuri ng Nilalaman:** Rosemarie Guitang
Dr. Jayson D. Petra

**Tagasuri ng Wika:** Dr. Jayson D. Petras

**Consultant:** Dr. Jayson D. Petras

**Learning Area Specialist:** Jefferson V. Torres

Bureau of Learning Delivery
Bureau of Curriculum Development
Bureau of Learning Resources

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa katanungan o puna, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**GAWAING PAMPAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | Mabisang Komunikasyon | **Kuwarter:** | 1 |
| **Bilang ng Aralin:** | 1 | **Petsa:** | |
| **Nilalaman:** | **BATAYANG KAALAMAN SA WIKA:**<br>• Kahulugan at kahalagahan ng wika<br>• Kalikasan ng Wika | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang:** | 11 |

**I.** Gawain Bilang 1: Wika ko, buhay ko

**II.** Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang makapagpahahayag ng saloobin at nararamdaman ukol sa isang isyu.

**III.** Kagamitang Kailangan:

**IV.** Panuto: Tingnang mabuti ang larawan at sagutin ang mga tanong sa ibaba.




Guhit ni : Arvin Herald M. Borrega

**Pamprosesong Tanong:**

a. Ano ang nakikita mo sa larawan?

________________________________________________

________________________________________________

b. Ibigay ang iyong saloobin batay sa larawan.

________________________________________________

________________________________________________

c. Paano nakatulong ang wika upang maipahayag mo ang iyong saloobin?

________________________________________________

________________________________________________

**GAWAING PAMPAGKATUTO**

| **Asignatura:** | Mabisang Komunikasyon | **Kuwarter:** | 1 |
|---|---|---|---|
| **Bilang ng Aralin:** | 1 | **Petsa:** | |
| **Nilalaman:** | **BATAYANG KAALAMAN SA WIKA:**<br>• Kahulugan at kahalagahan ng wika<br>• Kalikasan ng Wika | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang:** | 11 |

**I.** Gawain Bilang 2: Puso at Pananaw

**II.** Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang mapahahalagahan ang wika sa pamamagitan ng tamang paggamit nang may layunin ang wika at tono.

**III.** Kagamitang Kailangan:

**IV.** Panuto: Basahin at unawain ang diyalogo at sagutin ang mga tanong sa ibaba.

***Anak:*** *Inay, puwede po ba tayong mag-usap?*

***Ina:*** *Oo naman, anak. May problema ba?*

***Anak:*** *Gusto ko lang pong humingi ng tawad sa ginawa kong pagsagot-sagot sa inyo kagabi. Hindi ko po sinasadya, dala lang talaga ng pagod at inis ko sa school.*

***Ina:*** *Nasaktan ako sa sinabi mo, anak. Pero salamat at naisip mong humingi ng tawad.*

***Anak:*** *Naiintindihan ko po ngayon na hindi iyon tamang paraan ng pagharap sa problema. Pasensya na po talaga, Nay. Hindi ko na po uulitin.*

***Ina:*** *Mahalaga sa akin na natututo kang humingi ng tawad at maging responsable sa iyong kilos. Pinapatawad kita, anak. Nandito lang ako palagi para sa'yo.*

***Anak:*** *Salamat po, Inay. Mahal na mahal ko po kayo.*

**Mga Tanong:**

a.Sa palagay mo, bago humingi ng tawad ang anak, ano kaya ang mga saloobin o pagninilay na pinagdaanan niya?

______________________________________________________________

b.Anong uri ng komunikasyon ang ginamit ng anak sa pakikipag-usap sa kanyang ina? Bakit mo ito nasabi?

______________________________________________________________

c.Paano mo masasabi na ito ay isang personal na komunikasyon? Ano ang mga katangian nito?

______________________________________________________________

**GAWAING PAMPAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | Mabisang Komunikasyon | **Kuwarter:** | 1 |
| **Bilang ng Aralin:** | 1 | **Petsa:** | |
| **Nilalaman:** | **BATAYANG KAALAMAN SA WIKA:**<br>• Kahulugan at kahalagahan ng wika<br>• Kalikasan ng Wika | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang:** | 11 |

**I.** Gawain Bilang 3: ***Wika Ko, Mahalaga***

**II.** Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang makikilala ang kahulugan, kahalagahan at kalikasan ng wika

**III.** Kagamitang Kailangan:

**IV.** Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang artikulo tungkol sa papel ng wika sa lipunan. Sagutin ang mga tanong sa ibaba.

> Wikang Filipino ang tanikalang nag-uugnay sa mga tao sa mahigit na pitong libong isla sa Pilipinas. Kinakatawan snito ang kultura at kabihasnan na minana natin sa mga ninuno at patuloy nating isasalin saa ting mga anak at sa mga susunod pang salinlahi. Ito ang wikang magiging kakampi natin sa ating mga pakikibaka sa usapin ng istandardusasyon at internalisasyon. Kung lilingunin ang kasaysayan, masasabi na hindi nagging madali ang mga pinagdaanan ng wikang Filipno upang kakamtan ang rekognisyon ng pang-internasyunal na komunidad at maging sa ating mga kapwa Filipino.

***Mga Tanong:***

*a.Ano ang wika?* ____________________________________________

____________________________________________________

*b.Bakit ito mahalaga sa ating pagkatao at kultura?* ____________________

____________________________________________________

*c. Paano nagkakaiba ang wika sa komunikasyon?* ______________________

____________________________________________________

**GAWAING PAMPAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | Mabisang Komunikasyon | **Kuwarter:** | 1 |
| **Bilang ng Aralin:** | 1 | **Petsa:** | |
| **Nilalaman:** | **BATAYANG KAALAMAN SA WIKA:**<br>• Kahulugan at kahalagahan ng wika<br>• Kalikasan ng Wika | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang:** | 11 |

I. Gawain Bilang 4: Komunikasyon Match-up

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang mapahahalagahan ang wika sa pamamagitan ng tamang paggamit nang may layunin ang wika at tono.

III. Kagamitang Kailangan:

IV. Panuto: Basahin at unawain ang teksto. Pagkatapos, sagutin ang mga tanong na nakasulat sa ibaba.

Nagkalimpumpon ang kalse sa isang sulok ng silid-aralan habang pinanunood ang kumakalat na video scandal ng isang kamag-aral. Sa kabilang grupo, naman ay makikita ang grupo nina Henry, Stephen at Zeke na inaayusan ang mahabang buhok ng kanilang kabarkada na si Sebastain D.

May mga mag-aaral na abala rin sa paggawa ng kani-kanilang takdang-aralan sa ibang asignatura.

Ilang sandal pa, dumating na ang kanilang guro sa Filipino na mukhang handang-handa sa aralin sa araw na iyon. Manipestasyon nito ang sangkatauhan na gamit katulad laptop bag at LCD.

Napansin naman ng klase ang mukhang kamag-aral lamang nila na guro subalit ipinagpatuloy pa rin nila ang kani-kanilang ginagawa.sa halip na magbigay-galang sa kanilang dalubguro.

Nagpapansin ang dalubguro sa kaniyang mga mag-aaral subalit wala pa rin siyang natanggap na pagbati man lamang sa mga ito. Ang ingay ng klase ay biglang napalitan ng katahimikan matapos nilang marinig ang malakas na lagabag ng pinto matapos mag-walk out ang kanilang dalubguro.

**Mga Tanong:**

1. Anong uri ng komunikasyon na nangibabaw sa sitwasyong binasa?

2.Kung ikaw ang guro, paano mo kukunin ang atensiyon ng mga mag-aaral?

## GAWAING PAMPAGKATUTO

| Asignatura: | Mabisang Komunikasyon | Kuwarter: | 1 |
|---|---|---|---|
| **Bilang ng Aralin:** | 1 | **Petsa:** | |
| **Nilalaman:** | **BATAYANG KAALAMAN SA WIKA:**<br>• Kahulugan at kahalagahan ng wika<br>• Kalikasan ng Wika | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang:** | 11 |

**I.** Gawain Bilang 5: Wika Ko, Koneksiyon Ko

**II.** Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang mapahahalagahan ang wika sa pamamagitan ng tamang paggamit nang may layunin ang wika at tono.

**III.** Kagamitang Kailangan:

**IV.** Panuto: Sumulat ng sanaysay. (10–15 pangungusap) na tumutugon sa tanong:

*“Paano mo nagagamit ang wika upang mapabuti ang pakikitungo mo sa ibang tao — sa pamilya, paaralan, o komunidad?”*

**Rubrik sa Pagsulat ng Sanaysay**

| **Pamantayan** | **Deskripsyon** | **Puntos** |
|---|---|---|
| **Paksa at Nilalaman** | Malinaw ang paksa at may sapat na kaalaman sa paksa. May saysay at lalim ang ideya. | |
| **Organisasyon** | Maayos ang pagkakasunod-sunod ng ideya (may simula, gitna, at wakas). | |
| **Gamit ng Wika** | Wasto ang paggamit ng gramatika, baybay, at bantas | |
| **Estilo at Pagkamalikhain** | Malikhain ang pagpapahayag at may orihinalidad ang mga ideya. | |
| **Kabuuang Presentasyon** | Maayos at malinis ang kabuuang sanaysay (ayon sa format, haba, at layunin). | |

**Puntos:**
18–20 – Napakahusay
15–17 – Mahusay
12–14 – Katamtaman
9–11 – Kailangang pagbutihin
0–8 – Hindi sapat

**GAWAING PAMPAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | Mabisang Komunikasyon | **Kuwarter:** | 1 |
| **Bilang ng Aralin:** | 2 | **Petsa:** | |
| **Nilalaman:** | **ANTAS NG KOMUNIKASYON**<br>• Intrapersonal/Personal<br>• Interpersonal<br>• Komunikasyong Pampubliko<br>• Komunikasyong Pangmasa | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang:** | 11 |

**I.** Gawain Bilang 6: Hanapin ang Antas!

**II.** Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang matutukoy ang antas ng mga sitwasyong nakasaad.

**III.** Kagamitang Kailangan:

**IV.** Panuto: Basahin ang sitwasyong nakasaad at tukuyin kung ito ay intrapersonal, interpersonal, pampubliko o pangmadla. Isulat sa patlang katapat ng bilang ang sagot.

______________________ 1. Nagsusulat si Liza ng tula sa kanyang notebook upang mailabas ang kanyang saloobin.

______________________ 2. Nagkukuwentuhan ang dalawang magkaibigan tungkol sa kanilang bakasyon sa probinsya.

______________________ 3. Isang pastor ang nagbibigay ng sermon sa harap ng mga miyembro ng simbahan.

______________________ 4. Isang tagapagbalita ang nag-uulat ng kasalukuyang lagay ng panahon sa radyo.

______________________ 5. Tinitingnan ni Marco ang salamin habang nag-eensayo ng kanyang talumpati.

______________________ 6. Dalawang estudyante ang nagtatalo tungkol sa kanilang sagot sa isang tanong sa pagsusulit.

______________________ 7. Ang punong-guro ay nagbibigay ng talumpati sa harap ng buong paaralan sa araw ng pagtatapos.

______________________ 8. Isang sikat na personalidad ang nag*po-post* ng opinyon tungkol sa isyu ng lipunan sa kanyang social media page na may milyon-milyong *followers*.

______________________9. Isang estudyante ang tahimik na nagdarasal bago ang pagsusulit.

______________________ 10. Nag*te-text* si Ana sa kanyang kaibigan upang humingi ng tulong sa takdang-aralin.

**GAWAING PAMPAGKATUTO**

| **Asignatura:** | Mabisang Komunikasyon | **Kuwarter:** | 1 |
|---|---|---|---|
| **Bilang ng Aralin:** | 2 | **Petsa:** | |
| **Nilalaman:** | **ANTAS NG KOMUNIKASYON**<br>• Intrapersonal/Personal<br>• Interpersonal<br>• Komunikasyong Pampubliko<br>• Komunikasyong Pangmasa | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang:** | 11 |

**I.** Gawain Bilang 7: *Hanapin ang Antas*

**II.** Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang matutukoy ang iba't ibang antas ng komunikasyon batay sa sitwasyong inilahad, at maipaliliwanag ang dahilan ng pagkakaugnay nito sa napiling antas.

**III.** Kagamitang Kailangan:

**IV.** Panuto: Basahin ang bawat sitwasyong nakasaad sa ibaba. Tukuyin at isulat sa ikalawang hanay o kolum kung ito ay INTRAPERSONAL, INTERPERSONAL, PAMPUBLIKO, o PANGMADLA at isulat sa ikatlong kolum ang paliwanag kung bakit mo ito inuri sa naturang antas.

| **SITWASYON** | **ANTAS NG KOMUNIKASYON** | **PALIWANAG** |
|---|---|---|
| 1. Kinakausap ang sarili habang nagpapasya kung anong kurso ang kukunin. | | |
| 2. Nakikipag-chat sa kaibigan tungkol sa proyekto. | | |
| 3. Nagtatalumpati sa harap ng kaklase. | | |
| 4. Nanonood ng balita sa telebisyon. | | |
| 5. Nagsusulat ng journal o diary. | | |

**GAWAING PAMPAGKATUTO**


| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | Mabisang Komunikasyon | **Kuwarter:** | 1 |
| **Bilang ng Aralin:** | 2 | **Petsa:** | |
| **Nilalaman:** | **ANTAS NG KOMUNIKASYON**<br>• Intrapersonal/Personal<br>• Interpersonal<br>• Komunikasyong Pampubliko<br>• Komunikasyong Pangmasa | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang:** | 11 |

**V.** Gawain Bilang 8: Ako? Kausap mo?

**VI.** Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang mailahad ang mga dapat isaalang-alang sa epektibong komunikasyon.

**VII.** Kagamitang Kailangan:

**VIII.** Panuto: Sumulat ng liham o *email* maaaring sa magulang, kaibigan at kamag-anak na dapat nagtataglay ng angkop na wika, tono at estruktura ayon sa awdiyens, layon at konteksto.



## RUBRIK SA PAGSULAT NG LIHAM

| Aspekto | 4 - Napakahusay | 3 - Mahusay | 2 - Katamtaman | 1 - Nangangailangan ng Pagsasanay |
|---|---|---|---|---|
| **Kalinawan ng Mensahe** | Lubos na malinaw at tiyak ang layunin; madaling maunawaan ng mambabasa | Malinaw ang layunin ngunit may kaunting kalabuan | Bahagyang malabo ang mensahe | Malabo at hindi nauunawaan ang mensahe |
| **Organisasyon ng Nilalaman** | May malinaw na simula, gitna, at wakas; mahusay ang daloy ng ideya | May simula, gitna, at wakas; may ilang hindi maayos na pag-uugnay | Magulo ang pagkakasunod-sunod ng ideya | Walang malinaw na pagkakaayos o daloy |
| **Pagpili ng Salita (Kaangkupan at Pagkamagalang)** | Angkop sa tagatanggap at layunin; magalang at maayos ang wika | Medyo akma at magalang, may ilang salitang di-gaanong angkop | May ilang salitang hindi angkop o kulang sa paggalang | Hindi naaangkop ang wika at kulang sa paggalang |
| **Pangkalahatang Bisa ng Komunikasyon** | Lubos na naiparating ang damdamin o layunin ng liham; epektibo | Naiparating ang layunin ngunit kulang sa dating | Bahagyang naiparating ang mensahe | Hindi naiparating ang layunin ng liham |

**Interpretasyon:**

- **15–16 puntos** – Lubos na epektibo
- **12–14 puntos** – Epektibo
- **9–11 puntos** – Katamtamang epektibo
- **8 pababa** – Nangangailangan ng pagsasa

**GAWAING PAMPAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | Mabisang Komunikasyon | **Kuwarter:** | 1 |
| **Bilang ng Aralin:** | 3 | **Petsa:** | |
| **Nilalaman:** | **URI NG KOMUNIKASYON**<br>• Berbal<br>• Di-Berbal | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang:** | 11 |

**I.** Gawain Bilang 9: ***Komunikasyon Ko, Repleksyon Ko***

**II.** Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang maipamalas ang kasanayan sa mabisang/epektibong komunikasyon sa pagpapahayag ng damdamin at saloobin.

**III.** Kagamitang Kailangan:

**IV.** Panuto: Sagutin ang maikling repleksyon sa tanong na nakapaloob sa kahon.

“Paano mo magagamit ang kaalaman sa berbal at di-berbal na komunikasyon sa iyong araw-araw na pakikisalamuha sa ibang tao?”



## RUBRIK PARA SA REPLEKSYON

| Aspekto | 4 - Napakahusay | 3 - Mahusay | 2 - Katamtaman | 1 - Nangangailangan ng Pagsasanay |
|---|---|---|---|---|
| **Kaugnayan sa Tanong** | Lubos na tumutugon sa tanong; malinaw ang ugnayan ng sagot sa paksa | Tumutugon sa tanong ngunit may kaunting pagkalayo sa paksa | Bahagyang may kaugnayan ngunit kulang sa pagtutok | Hindi malinaw ang ugnayan sa tanong o lumilihis sa paksa |
| **Pagpapahayag ng Pananaw o Damdamin** | Malinaw, tapat, at malalim ang sariling pananaw o damdamin | Malinaw at may damdamin, bagaman medyo mababaw | May sariling pananaw ngunit kulang sa paglalim | Hindi malinaw ang sariling opinyon o damdamin |
| **Kalinawan ng Ideya** | Maayos ang daloy; madaling sundan at nauunawaan | Medyo maayos ang daloy ngunit may kaunting kalabuan | Hindi organisado ang ideya; may halong pagkalito | Magulo at hindi nauunawaan ang mga ideya |
| **Pagpapalawak ng Sagot** | May patunay, halimbawa, o paliwanag na nagpapalawak sa sagot | May ilang paliwanag o detalye, ngunit limitado | May kaunting paliwanag ngunit hindi sapat | Walang paliwanag o halimbawa; napakababaw ng sagot |

**Interpretasyon ng Puntos:**

- **15–16 puntos** – Napakagandang repleksyon
- **12–14 puntos** – Mahusay na repleksyon
- **9–11 puntos** – Katamtamang repleksyon
- **8 pababa** – Kailangang paunlarin

## GAWAING PAMPAGKATUTO

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | Mabisang Komunikasyon | **Kuwarter:** | 1 |
| **Bilang ng Aralin:** | 3 | **Petsa:** | |
| **Nilalaman:** | **URI NG KOMUNIKASYON**<br>• Berbal<br>• Di-Berbal | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang:** | 11 |

**I.** Gawain Bilang 10: *Alin ang Mas Angkop*

**II.** Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang matutukoy ng mga mag-aaral ang mga angkop gamitin na sitwasyon ng berbal o di-berbal.

**III.** Kagamitang Kailangan:

**IV.** Panuto: Sa talaan sa ibaba, maglagay ng limang (3) halimbawa ng sitwasyon sa bawat kolum. Isaalang-alang ang mga pagkakataong mas epektibo ang paggamit ng berbal o di-berbal sa isang tiyak na sitwasyon.

| **BERBAL** ( Pasalita o Pasulat ) | **DI-BERBAL** (Kumpas, Ekspresyon, Galaw) |
|---|---|
| Hal. Pagbibigay ng talumpati | Hal. Pagtango bilang pagsang-ayon |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |

**GAWAING PAMPAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | Mabisang Komunikasyon | **Kuwarter:** | 1 |
| **Bilang ng Aralin:** | 3 | **Petsa:** | |
| **Nilalaman:** | **URI NG KOMUNIKASYON**<br>• Berbal<br>• Di-Berbal | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang:** | 11 |

**I.** Gawain Bilang 10: Hashtag Summary

**II.** Layunin:Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang maipamamalas ang kasanayang natamo sa tinalakay na aralin.

**III.** Kagamitang Kailangan:

**IV.** Panuto: Balikan ang mga araling tinalakay at pagnilayan ang iyong mga natutuhan. Gumawa ng tatlo (3) hanggang limang (5) hashtag na magsisilbing buod o representasyon ng mahahalagang konseptong inyong nakuha mula sa talakayan. Isulat sa ibaba ang nabuong hashtag.

Halimbawa:

#Makataongkomunikasyon
#HuwagLangSalitaKundiDamdamin
#KomunikasyongMayEmpatiya
#Pakikipagkapwa
#TinigngDamdamin



## Rubrik sa Pagsulat sa Hashtag

| Kategorya | 5 - Napakahusay | 4 - Mahusay | 3 - Katamtaman | 2 - Nangangailangan ng Pagsasanay |
|---|---|---|---|---|
| **Kaugnayan sa Paksa** | Lahat ng hashtag ay malinaw na tumutukoy sa mahahalagang konsepto ng aralin | Karamihan sa hashtag ay may malinaw na kaugnayan sa paksa | May iilang hashtag na kaugnay ng paksa ngunit may kalabuan | Kakaunti lamang ang may kaugnayan; hindi malinaw ang koneksyon sa paksa. |
| **Pagpapahayag ng Kaugnayan sa Paksa** | Nagpapakita ng malalim na pag-unawa sa aralin | Malinaw na pag-unawa sa paksa | May pagkaunawa ngunit hindi ganap na naipaliwanag sa hashtag | Limitado o mababaw ang pagkaunawa sa nilalaman ng aralin. |
| **Kalinawan at Kaayusan** | Maayos ang pagkakabuo ng hashtag; madaling basahin at unawain | Maayos ang presentasyon, bagamat may kaunting kahinaan sa porma. | Medyo magulo o mahaba ang ilan sa hashtag. | Hindi organisado at mahirap unawain. |